# Ang Susunod na Pangalan sa Listahan: Pitong Tula

ALLAN POPA

## Ang susunod na pangalan sa listahan

Una mong isuko ang mga mata.
Mas madaling maglaho kung walang makakakita
sa iyong paglaho, maging ikaw.

Pangalawa, ang iyong pandinig.
Upang wala nang tawag pang lilingunin
o makapagpapabangon sa iyo.

Walang-labang ibigay na rin ang iyong dila.
Pagkakataong pandilaan ang bibigyan
sa sandali ng pagbibigay.

Sunod na ihanay ang iyong ari.
Kung may ipakikiusap kang itira
sabihin mo, "Huwag ang aking mga kuko."

Magtataka sila sa iyong hiling.
Kung palaring pagbigyan, bubunutin nila
ang iyong katawan mula sa iyong mga kuko

na kakailanganin mo para tuklapin ang larawan
ng iyong mukha na ipapaskil sa bawat itatatag
na pader sa paligid ng iyong katawan.

# Isla

Inilarawan ng beteranong reporter ang mga mata ng mga tagaroon bilang mga matang marami nang nakita. Paano ba matingnan ng mga matang marami nang nakita? Nadala niya sa pagbabalik sa lungsod ang kanilang mga larawan na dumaloy sa maraming rolyo ng pelikula. Nabuo niya mula sa mga larawan ang kanilang salaysay. Naipalabas. Pero may mga gabing hindi siya makatulog at muli niyang binabalikan ang mga nakuhang larawan. Ang mga hindi pa natabas na rolyo na muling maliliwanagan sa dilim ng kanyang silid. Ang mga mata na may sariling salaysay na hindi nalagom at hindi malalagom ng kanyang salaysay. Hindi sila mailap. Hindi mo masasabing may pagdududa. Sa katunayan, diretso sila kung tumitig sa kamera tungo sa mga matang nakasilip sa likod ng kamera. Mga matang lumalagos sa pinakamalalalim na bahagi ng kanyang pagkatao na para bang wala na siyang maipagkakait sa kanila.

# Mga taludtod

May panaginip na walang talukap.
Pakinggan ang pagkaguwang ng lata.

Kay lalim ng uhaw ng lalamunan.
Pag inawit maaaninag ang ugat ng awit.

        Oro. Plata. Mata.
Laging tatluhan ang hiling.

Maiaahon ang mga bituin mula sa balon.
Malalasahan sa barya ang kalawang.

Araw-araw, iisang araw ang lumulubog.
Maliksi ang galaw ng pilak sa ibabaw ng tubig.

Huwag mo akong ihatid ng tanaw.
May mga matang hindi naisasara.

# Nokturno

Pumipitik-pitik pa sa laman
ng bangkay ang igkas ng huling bala.

Tumakbo ka salungat sa ihip,
hindi ka masusundan ng apoy.

Talikuran mo ang paanyaya,
hindi liwanag ang iyong nakikita.

Kay raming bangkay na nahuhukay
sa landas ng mga tinugis sa bingit.

Mali ang turo ng mapa.
Walang kayamanang ibinaon ang digma.

Sa oras na ito, iniaahon ang pulbura
mula sa kailaliman, isinasakay sa tren.

Pinaghehele ng isang bata
ang nag-iisang laruan na nailigtas.

Hahawakan mo ang kanyang mga balikat
na tila mapipigilan ang mga paglisan.

Ano pa ang paghimlay kundi ang pagsuko
ng katawan sa bigat ng anino nito.

# Ilang tala sa bingit

Ano itong bundok na inaakyat na tila walang tuktok. Alam naming nasa likod ang utos ngunit walang malilingon kundi bangin. Wala nang saysay ang mapa. Walang matatanaw sa patutunguhan kundi ang umaalong damuhan na maling-mali ang dala-dalang kapanatagan ng loob. Alam naming may nagkukubli sa di-kalayuan, naghihintay sa likod ng abot-tanaw. Walang mukha. Nang marating namin ang talampas, may nasalubong kaming matandang babae. Hindi ang inaasahang kalaban. Wala siyang dala-dala maging takot sa amin. Tila hindi niya kami nakikita. Nagpatuloy kami sa pag-usad, dama ang diin ng paligid. Anumang sandali, kakalabitin ang nakakasang mga baril. Maging ang mga kulisap, tahimik.

## Ang hindi nararating

Ang nakararating sa akin: ang madilim na karne ng baboy-damo. Ang nagsasanga-sangang sungay ng usa. Ang unggoy na itatali sa hindi maaabot na sanga ng puno. Ang mga punla ng bungang walang pangalan, pambala sa sumpit.

Ang nakararating sa akin: maraming kuwento.

Lagi kong tinatanaw ang bundok na hindi ko nararating sa tapat ng aming bahay. Tuwing umaga, kapag malinaw ang panahon, purong luntian. Pagdating ng hapon, bumibigat ang mga anino sa loob ng mga kuweba. Ilang pares ng mga mata ba ang naramdamang nakatingin sa akin? Kapag natatakpan na ng panganorin ang buong bundok, kakaripas ako ng takbo upang makasilong. Ang nakararating sa akin: ang ulan.

Kapag madilim na, wala nang matatanaw sa tapat ngunit patuloy ako sa pagtanaw. Kung minsan, may nagbabagang guhit na mababanaagan sa gitna ng kadiliman. Sa isip ko: prusisyon ng mga engkanto.

Naroon ako sa hulihan, kasama sa pag-akyat sa bundok na hindi nakikita, may dalang mumunting apoy.

## Ikatlong mata

Habang ipinaliliwanag ng giya
ang mekanismo ng Naglalahong Baril,

ang isa naming kasama tila may ibang
nakikita sa kahuyan. Ayon sa kanya,

may nagkukubli sa likod ng mga dahon
na hanay ng mga sundalong

hindi alam na matagal nang natapos
ang digmaan. Sinundan namin

ang kanyang tingin. Wala kaming nakita.
Sadyang mahusay silang magtago.

Ngunit hindi rin daw nila kami nakikita.
Naglalaho marahil ang mundo

kung nakatutok lamang ang pansin sa kalaban
na inaabangan ngunit hindi kailanman

dumating. O dumating nang hindi namalayan.
Hindi siya kumibo nang tanungin ko

kung saan matatagpuan ang ikatlong mata.
Lumagos sa akin ang kanyang tingin.